# *Ang Mga Pamumuhunan*

. . . ang mabigyan ng ilang sandaling ito na kasama kayo na naparito. At lubos ang pasasalamat ko kay Kapatid na Pearry sa pag-iimbita na makapunta ako rito, at sa lahat ng inyo pong pakikipagtulungan.

2 Sa palagay ko ito na ang ikatlong pagbisita namin dito sa inyong mainam na siyudad. Lagi naming napapansin na ang mga taga-rito ay magiliw sa mga panauhin, at laging bumabati, nakikipag-kamay, kilala ka man nila, o hindi. Bumisita po ako sa ilang mga tindahan dito, at napaka inam po. Tila malaki ang pagkakaiba kumpara dun sa hilaga na malamig ang klima; dun po makikita nila akong pumapasok, aasikasuhin ka naman nila at paglabas, haya't 'yun na 'yun. Pero dito napaka dalang na makabibisita ka sa isang lugar na 'yung mga tao dun ay di sila babati ng, "Salamat! Balik po kayo at bisitahin n'yo uli kami!" Gustung-gusto ko po 'yun.

3 Heto nga, iniisip ko si Kapatid na Pearry dito, ganoon po ang tawag ko sa kanya, sadyang . . . Ako po kasi'y matanda pa sa kanyang tatay, kaya sa palagay ko'y tatawagin ko na lang siyang Kapatid na Pearry. Di po namin ganoong kakilala ang lalaking ito, naipakilala lang ng anak kong lalaki, na si Billy Paul, na kaeskuwela niya. Pero kung mayroon man sa siyudad na ito, o sa palibot, na naaabot ng telebisyon, na mapapahamak sa huling araw, hindi po 'yun dahil si Kapatid na Pearry ay di niya sinagad ang kanyang pagsisikap na maakay ang mga tao patungo kay Cristo. Sadya ngang hindi siya papayag na may isa mang bato na di nagalaw. At sinasabi ko mismo na malaki pong pribilehiyo ito na makaparito.

4 Nung sabihin sa akin ni Kapatid na Pearry, kung puwede raw akong "makapagsalita sa munting salu-salo" na inihanda niya, na may mga inimbitahan daw siyang mga kasamahan sa pagnenegosyo na dadalo rito. Buweno, kung tutuusin di naman po ako magaling magsalita. Di ko—di ko sinasabing magaling ako, pero naisip ko na paunlakan. Isa pong karangalan sa akin, na maimbitahan sa gaya nito, na makapagsalita sa—sa . . . mga kasamahan niya sa pagnenegosyo.

5 Ako po'y nabigyan ng pribilehiyo na makapaglibot sa iba't ibang bansa, sa buong mundo. At kalimitan ay nagsasalita ako sa Full Gospel Business Men's Chapters. At alam ko na kaunti lang ang oras na inilaan sa pagbubuklod na ito, kaya gusto ko pong sabihin lang itong nakatutuwang pangyayari na nangyari minsan. May isa pong lalaki, katatapos ko lang mangusap nung mga sandaling 'yun . . . Lahat po sila roon ay mga kalalakihan sa pagnenegosyo. At, kaya, dun sa labas, may isa pong lalaki na

lumapit sa akin, at ang sabi niya, "Isa kang mangangaral, hindi po ba?"

At sabi ko, "Siyanga, po."

6 Sabi niya, "Anong dahilan at sumasama-sama ka sa mga negosyanteng ito?"

Sabi ko, "Isa akong negosyante."

Tapos sabi niya, "Oh, ganoon ba?"

Tapos sabi ko, "Opo, ako'y—ako'y isang negosyante."

Sabi, "Ano namang uri ng negosyo ang meron ka, ginoo?"

Tapos sabi ko, "Eternal Life assurance."

7 At di niya nakuha agad 'yung gusto kong sabihin nung mga sandaling 'yun. Mabilis kasi ang pagkakasabi ko. Sabi niya, "Oh, sa—sa Eternal Life Insurance pala." Hindi insurance ang sinabi ko; ang sabi ko assurance, at siya . . . Pero di ko na siya pinuna. At sabi niya, "The Eternal Life," sabi, "parang di ko alam. Parang di ko pa naririnig 'yan kahit kailan."

Sabi ko, "Sayang naman."

Sabi, "Buweno," sabi niya, "saan ba ang punong himpilan n'yan?"

Sabi ko, "Sa Langit."

8 Haya't narito pa rin ako sa negosyong 'yan. Gustung-gusto ko ngang kausapin ang sinuman sa inyo tungkol sa garantiya, pagkatapos ng gawain, ngayong gabi. Ganoon na lamang ang interes ko sa trabaho kong ito. At, kaya, haya't di ko sinabing, "insurance," ang sinabi ko po'y, "assurance."

9 Mainam ang insurance, 'yan po. Naalala ko . . . Haya't, wala man ako nun.

10 Naalala ko, nung kakakasal ko lang, 'yung maybahay ko't ako ay nakaupo nun sa bahay, isang araw. At may kaibigan po akong matalik . . . Ang kapatid ko pong lalaki ay nagbebenta ng insurance, Western-Southern. Yung lalaki namang isa ay para sa Prudential nagbebenta. Kaeskuwela ko po siya noon, napaka inam na lalaki. Yung kanyang—kanyang kapatid na lalaki ay manunulat naman sa *The Upper Room*, dahil, sa pagkakaalam ko isa po siyang ministro sa Baptist, at nagsusulat siya ng mga artikulo para sa munting pahayagan na kung tawagin ay *The Upper Room*. Kay iinam po nila. Kaya nagpunta siya't binisita ako, isang araw, at ang sabi niya, sabi niya, "Billy, nabalitaan ko—ko na nagkaproblema ka raw noon tungkol sa insurance."

Tapos sabi ko, "Oo."

11 Sabi niya, "May sama ka ba ng loob sa kanila?"

Sabi ko, "Hindi, hindi naman sa ganoon."

Sabi niya, "Naisip ko kasi na makipag-usap sa iyo tungkol sa isang alok ng insurance, Billy."

12 At sabi ko, "Buweno," sabi ko, "Wilmer, salamat," sabi ko, "pero may—may assurance na ako."

Tapos sabi niya, "Oh, naku pasensya na."

13 At tumingin sa akin ang maybahay ko, na parang isa akong manloloko. Alam niya kasi na wala ako nun. Tumingin siya sa akin na parang gulat na gulat. Sabi ko . . .

14 "Oh," sabi niya, "Pasensya na, Billy." Iniisip niya siguro na nakakuha na ako sa kapatid kong, si Jesse. Tapos sabi ko . . .

Tumingin sa akin ang maybahay ko. At 'yung lalaki . . . sabi ko, "Oo, may assurance na ako."

At sabi nung lalaki, "Saang kompanya naman ito?"

At sinabi ko sa kanya ang ganoon din, "The Eternal Life."

Tapos sabi niya, "Oh," sabi, "siyanga ba?"

15 Tapos ang sabi ko, "Oo. Mayroon na akong: Pinagpalang assurance, si Jesus ang tangan! Oh, damang-dama ngayon pa lamang Banal na Kaluwalhatian! Tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos mayroon nang katubusan, sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

16 Sabi niya, "Billy, maganda 'yan. Natutuwa ako para sa iyo. Pero di ka n'yan mailalagay sa libingan."

17 "Pero," sabi ko, "mailalabas naman ako nito. Hindi ko na inaalala 'yun . . . " Uh-huh. Siyanga. Hindi ko inaalala na ako'y mailagay dun; 'yung mailabas ako.

18 Kaya gusto ko pong kausapin kayo tungkol sa garantiya na ito, pagkatapos ng gawain, kung . . . tiyak akong nararapat Ito.

19 Ngayon, kadalasan pinatatayo ko po ang mga tao sa tuwing magbabasa ng Salita, pero, ngayong gabi, siguro'y di na natin gagawin 'yan dahil baka—baka mahirapan kayong tumayo. Pero bago lamang natin basahin ang Salita, siguro'y iyuko po muna natin ang ating mga ulo pansumandali, kakausapin natin ang May-Akda ng Salita. Kanina'y medyo nagkakatuwaan tayo sa isa't isa, at para bang lumulugay tayo, o, gaya nga ng tawag namin dun, "nilulugay ang ating buhok." Kaya dumako na tayo sa seryosong bahagi ngayon, at nang may sinseridad, at ibaling natin ang ating mga puso patungo sa Langit habang binubuklat natin ang Salita. Ngayon sinumang tao na may kakayahang igalaw ang kanyang kamay ay magagawa ngang buklatin itong Biblia, pero wala ni isa man ang tunay na nakapag bubukas ng kaunawaan maliban sa dakilang Espiritu Santo, kaya tayo po'y mangusap sa Kanya.

20 Makalangit naming Ama, sadya ngang lubos ang pananabik namin, sa gabing ito, na kami po'y nakapagtipon-tipon kasama ang grupo ng mga tao rito, sa panig na ito ng Walang Hanggan, at nagkakaroon ng mainam na pagbubuklod na ito. At sa amin pong pagkakaupo sa palibot ng mga mesang ito, ngayong gabi,

nakaharap sa isa't isa, at mga kasamahan sa pagnenegosyo at—at mga Cristiano, nalalaman namin na may parating na isa na namang panahon na magkikita-kita uli kami. Umaasa kami na lahat kami'y mapaparoon sa Dakong 'yun, na ang bawat isa ay naroon sa dakilang Hapunan sa kasalan sa himpapawid, na ang Hari ay lalantad, papahirin ang mga luha sa aming mga mata, at magsasabi, "Mabuting gawa, Aking mabuti at matapat na mga lingkod, pumasok kayo sa kagalakan ng Panginoon, na inihanda para sa inyo mula pa nang itatag ang sanlibutan."

21 Kung mayroon pong narito, Panginoon, na di Ka nakikilala sa ganoong paraan, ay heto po't nananalangin ako sa gabing ito na may bagay nawa na maipangyari o masabi na magbubunsod sa kanila na mabago ang paraan ng kanilang pag-iisip, na sila'y bumaling patungo sa Iyo; sa kanila man na narito mismo, o sa—sa telebisyon, o sa mga teyp na ipapamahagi mula rito.

22 Iyo pong pagpalain kami nang may paglalakip-lakip, at Iyo pong pagpalain ang pagbasa ng Iyong Salita. Iyong ibaling ang aming mga puso't mga diwa patungo sa dulo ng buhay na ito, at kung ano ang maging kalagayan namin sa panahon na 'yun. Dahil nakatitiyak kami, Ama, na lahat kami'y lilisan at lilisan sa mundong ito. Kami'y mga mortal, at Iyong ibunsod kami na kami'y tumuon sa Isa na Walang Hanggan, ang tanging Isa na may kakayahang magbigay sa amin ng Buhay pagkatapos dito. Sa pamamagitan ng Pangalan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo, hinihiling namin ito. Amen.

23 Gusto ko pong kunin ang pansin n'yo, pansumandali, sa pagbabasa ng Salita ng Diyos. Nais ko pong simulan natin ang pagbabasa mula sa Ebanghelyo ni San Marcos, sa palagay ko'y sa ika-10 kabanata, at simulan natin sa ika-17 talata.

> *At nang siya ay umalis na lumalakad sa daan, ay may isang tumakbong* lumapit sa kaniya, *at* lumuhod. . .*at siya'y* tinanong, na sinasabi, *Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan?*
>
> *. . .sinabi sa kaniya ni Jesus, "Bakit tinatawag mo akong mabuti? walang mabuti kundi isa lamang,* at *kundi, ang Dios.*
>
> *Nalalaman mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Huwag kang magdaya, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina.*
>
> *At sinabi niya sa kaniya, Guro, ang lahat ng* mga bagay *na ito'y* akin nang *ginanap* mula *sa aking kabataan.*
>
> *At pagtitig sa kaniya ni Jesus ay giniliw siya, at sinabi sa kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka,*

*ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng* mga kayamanan *sa langit: at pumarito ka,* at *pasanin mo ang* iyong *krus, at sumunod ka sa akin.*

*Datapuwa't siya'y nahapis sa sabing ito, at siya'y yumaong namamanglaw: sapagka't siya'y isang may maraming mga pagaari.*

24 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Salita habang sinisikap nating humugot mula rito ng teksto at konteksto. Ngayon iniisip ko ang isang paksa yamang narito tayo kasama ang mga tao sa pagnenegosyo, at lagi kong naiisip na ang mga tao sa pagnenegosyo ay parating interesado sa—sa magandang pamumuhunan, kaya heto't tatawagin ko po ang teksto ko ngayon para sa susunod na ilang minuto na: *Ang Mga Pamumuhunan.*

25 Ang isa pong magaling na negosyante'y laging naghahanap ng—ng maganda't, kapaki-pakinabang na pamumuhunan. Kung di siya ganun, di siya magaling na negosyante. Marapat lamang kasi sa kanya na humanap ng isang bagay na totoo.

26 At nais ko pong mangusap sa inyo tungkol sa paanyaya na nabanggit ko na sa inyo ilang minuto ang nakararaan, tungkol sa alok ng Buhay na Walang Hanggan, yamang ang pakilala ko sa sarili ko ay isang—isang negosyante. At ako'y may negosyo, at gusto ko pong mangusap ng ilang sandali tungkol dito. At may kaunting mga Kasulatan akong naisulat dito, at teksto, na gusto kong gamitin ang mga ito sa susunod na ilang minuto, ito pong mga talang ito.

27 Hindi po masasabi na—na magandang pagnenegosyo ang sumugal. Alam 'yan ng sinuman, na ang pagsugal ay di mabuti sa pagnenegosyo, dahil nakikipag sapalaran ka lang diyan. Di nga kayo, o madalang lang kayong makakakita ng manunugal na . . . Haya't isang araw kasi siya'y mayaman, at sa kasunod na araw siya'y nanlilimos na. Kaya masyado po kayong nakikipag sapalaran, kung—kung susugal. Ang tingin ko nga rito'y ang isang—isang—isang manunugal ay—ay nabubuhay lang na wala siyang plano-plano't biglaan ang desisyon, at hindi tinitingnan ang hinaharap, o kung di sana'y hindi siya susugal.

28 At di po ako naniniwala sa mga pamumuhunang ganito na isang gabi lang daw ay yayaman ka na agad, siyanga, dito sa mga pagnenegosyo na wala namang pagkakakilanlan. Ngayon, sinumang magaling na negosyante ay di magbabaka-sakali sa tulad nito, marahil sa inyong—inyong ipon sa buhay, sa inyong kinikita; at pagkatapos ipupuhunan sa ganoon na biglang-taas, biglang-yaman-agad-agad. At wala rin itong pagkakakilanlan. May kung sino lang na nakaisip nang ganoong ideya, na, "Sige mayroon kami—kaming kompanya rito," na wala ka man lang nalalaman sa kompanyang 'yan. Sa tingin ko ang isa mismong

magaling, malinaw na mag-isip na tao'y hindi mangmang na susubok mamuhunan sa ganoong klaseng—klaseng kompanya.

29 Mangyari ngang, may isa po akong kaibigan, minsan, na—na sumubok sa ganoon. At, nung sumubok siya, naubos niya—naubos niya ang lahat ng mayroon siya, at nasimot ang lahat ng mga kinita niya sa buong buhay niya. Paretiro na siya noon, at kaya naisip siguro niya, "Buweno, sige ako'y—ako'y makikipag sapalaran dito," dahil 'yung kausap niya'y mistula bang alam na alam ang sinasabi nito. Pero, natuklasan na lang niya, na 'yung—'yung kompanya ay huwad pala na kompanya, at wala man lang pondo o kung ano, kaya 'yung kaawa-awang lalaki'y nasimot ang lahat ng mayroon siya.

30 Kaya naisip ko, kung ang isang tao'y nais niyang maganda ang magiging pamumuhunan niya, kinakailangan niya munang suriin ang kompanya, o 'yung bagay na paglalagyan niya ng pamumuhunan niya, at alamin kung anong gagawin niya. Sa palagay ko kahit sinumang malinaw mag-isip na tao'y 'yun ang gagawin.

31 At heto rin, bago ako magpatuloy, gusto kong sabihin ito, na di rin magandang ideya ang itago lang ang iyong pera sa loob ng iyong bulsa. Maraming tao kasi ang magsasabi, "Siguro itatago ko—itatago ko na lang ito sa bulsa ko, at ako—ako. . . at hawak ko naman ito." Pero, alam n'yo, kayo na mga lalaki at babae sa pagnenegosyo, hindi ganoon ang takbo ng inyong pag-iisip. At di kasi 'yun magandang ideya, dahil maaari kasi 'yung manakaw.

32 Pinaka mainam na mailagay 'yun at mapaikot-ikot. Gaya ng sinabi noon ng Panginoon, isang beses, Siya'y nagbigay ng maraming mga talento noon sa nakararami, at ganoon, at sila nga'y. . . ipinuhunan nila 'yun. At 'yung iba na nakapaglagak ng maganda't, paki-pakinabang na pamumuhunan, Kanyang ibinigay sa kanila ang mga dibidendo. Pero nung may isang tao na nagsabi, "Akin—akin lang pong itinago ito. Di ko—di ko gustong sumubok dito. Inilagay ko—ko—ko lang sa aking bulsa. O, ibinaon ko sa kung saan." Kaya binawi Niya 'yung ibinigay Niya sa kanya, at ibinigay dun sa isa na kumita ng maraming dibidendo, na naglagak sa magandang pamumuhunan. At 'yun ang pamamaraan ng ating Panginoon sa paggawa ng mga bagay-bagay.

33 Ngayon, haya't kung magnanais ka ngang mamuhunan sa isang bagay na ikaw mismo'y nakasisigurado, maghahanap ka ng maganda't, katiwa-tiwalang kompanya na napatunayan nang kikita ka rito nang tama. Ngayon, isa po 'yung maganda't, kapaki-pakinabang na pamumuhunan. Matapos mong suriin ang kompanya, nalaman mo ang karanasan nito, nakausap ang ilang tao na namuhunan na noon sa kompanyang ito, at narinig ang patunay na sinasabi ng lahat, "Sandaang posiyento. Lagi silang sakto sa pagbibigay ng dibidendo. At—at may malaking

pondo sila na pinagkukunan ng kapital, kaya ang kompanya'y hinding-hindi malulugi." At 'yan nga'y maganda't, kapaki-pakinabang na pamumuhunan. At ngayon, sa buong buhay, 'yan ang itinuturo sa tao.

34 Ngayon nangungusap tayo sa gabing ito rito sa Kasulatan, tungkol sa isang binatang Hebreo, na isang—isang mayamang binata. Siguro nanggaling pa siya sa isang mainam na tahanan, walang pasubali. Yung mismong patotoo niya ay patunay na siya'y galing sa isang—isang mainam na tahanan. Ang tawag sa kanya, sa Biblia ay, "yaong mayamang binatang pinuno." Akin lamang babaguhin ito ngayong gabi, nang kaunti, gagawin po nating, "isang mayamang binatang negosyante," dahil siya'y may negosyo, at may interes siya sa—sa pagnenegosyo. At di rin mapasusubalian na ang tatay niya'y kilala't matagumpay na negosyante, o di sana'y wala siya nung kung anong mayroon siya. Mangyari ngang pinalaki siya para maging—maging isang negosyante.

35 At may nakita siyang kung anong bagay sa Lalaking ito na taga-Galilea, sa binatang Propeta na ito na ang Pangalan ay Jesus ng Nazaret. Walang duda't narinig na niya sa saserdote niya na nabanggit na Siya noon, at marahil laban pa sa Kanya. Pero dun sa unang sulyap pa lang niya sa Panginoong Jesus, may kung anong bagay sa Kanya na ibang-iba kumpara sa iba pang tao.

36 At sinasabi ko ito, bilang isang Cristiano, di po ito nabago kung tutuusin. May magagaling tayong mga teologo sa buong lupain, sa buong mundo, apat na libong taon silang narito sa atin, na may kakayahang magpakilala sa atin ng—ng kredo. At sila'y aral na aral sa ganitong mga kredo, at ang iglesya ay—ay maganda ang pagkakatatag na iglesya. Pero hindi po 'yan ang alok na aking—aking ipinapangusap sa gabing ito. Ang akin pong tinutukoy ay ang Buhay na Walang Hanggan.

37 At ang kabataang lalaking ito, alam niya na miyembro siya ng iglesya, pero may nakita siyang ibang-iba talaga kay Jesus. Kaya nabigyan siya ng oportunidad na mamuhunan, nung masumpungan niya si Jesus at makita ang Kanyang ginagawa. At nabasa niya mismo sa Biblia, at nakita kay Jesus ang bagay na 'yun na napakinggan niya sa mga propeta niya na binabasa sa simbahan niya, at kung ano ang mga ito. At di maikakaila na napag-aralan niya 'yun. At mangyaring nakita niya 'yun kay Jesus na taga-Nazaret, na iprinopesiyang tatahan sa gitna ng mga tao, ang Propeta, haya't nakita mismo nung binata ang isang bagay sa Lalaking ito na tunay ngang ipinapakilala Siya mismo ng mga Kasulatan.

38 At iniisip ko, sa panahon ngayon, na di 'yan masyadong nagbago. Mga nagbabasa ng Biblia't mga babad sa Biblia, kapag tunay na mabibigyan tayo ng pagsulyap sa gana ng kaya

nating apuhapin, kung ano si Jesus noon at kung ano Siya ngayon, binabago nun ang ating saloobin. Walang kahit sino ang katulad Niya, kahit na gaano pa itong kainam. Sinasabi natin na nalalaman natin na Siya . . . Iniisip natin na Siya'y di masyadong nakapag-aral, at ang pagsasalita Niya ay parang ordinaryong tao lang, nananamit na parang ordinaryong tao lang, at naninirahan na ang kasa-kasama ay mga ordinaryong tao. Pero sa kabila n'yan ay may kung anong ekstra-ordinaryo sa Lalaking ito, at pinukaw nun ang pansin ng binatang ito. Kahit, ganoon na lang, na naroon na sa kanya ang halos lahat ng yaman sa mundo, marahil, na kailangan niya at magagamit sa buong buhay niya, at kuntentong-kuntento na siya rito. Pero nakita nga niya na ang Lalaking ito ay may kakayahan na tumingin sa hinaharap at isaysay sa mga tao ang mga bagay na parating pa lang, at naipakilala Niya Mismo ang Kanyag Sarili sa Kasulatan, at ang Diyos ay napagkikilala Mismo sa Lalaking ito roon.

39 Ngayon walang sinumang tao ang nabuhay, na nasa tama niyang pag-iisip, na anupa't lagi siyang napapaisip kung saan ba talaga siya nanggaling, sino ba siya, at saan siya patutungo? Napakaraming mga aklat ang naisulat, nagsilitawan ang mga kalalakihan ng pilosopiya't humupa. Pero may isang Aklat lang ang makapagsasabi kung sino kayo, saan kayo nanggaling, at saan kayo patutungo, at 'yan ay ang Biblia. Yun po ang tanging Aklat. Lahat ng maiinam na mga aklat na mayroon tayo, haya't puwede mo ngang itapon na lang ang mga 'yan, bawat isa nito. Ito kasi ang Katotohanan. Anumang kontra Rito ay hindi tama. "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay di kailanman mabibigo. Bawat wikain ng tao'y kabulaanan; ang sa Diyos ang totoo."

40 At sa tuwing may masasaksihan ka ngang isang bagay na ganoon na lamang katiyak sa harapan mo, at ipinangako pa mismo ng mga Kasulatan para sa panahon na 'yun, kung ano ang magiging Mesiyas. Haya't ang binatang ito'y nakita niya na may pagkakakilanlan 'yun sa Diyos, kaya 'yun ang nagpaiba nang lubos kay Jesus sa ibang mga tao na nakita niya. Kaya, siya'y nabigyan ng oportunidad dito.

41 Nung masumpungan niya ang Panginoong Jesus, at marahil nakita Siya nung binata sa mga pagtitipon Niya't gawain Niya, tumakbo ang binata sa Kanya at nagpatirapa sa Kanyang paa, ipinapakita lang na 'yung paraan ng paglapit nung binata ay tama.

42 At sabi nung binata, "Mabuting Guro, ano pong gagawin ko para magtamo ng Buhay na Walang Hanggan?" Ngayon 'yun ang bagay na itinanong dito. Hindi 'yung tungkol sa pera niya, o hindi rin 'yung, "Maaari ba akong umanib sa Iyong iglesya, Ginoo? O maaari ba akong mapasapi sa Iyong organisasyon?" Bagkus, "Ano ang puwede kong gawin para magtamo ng Buhay na Walang Hanggan?" Yan ang tanong.

43 At siya'y binigyan ng pagkakataon dun na matanggap Ito, pero nakagawa siya ng isang padalos-dalos na desisyon. Kanya ngang . . . tinanggihan ito. Hindi siya interesado, nung malaman niya kung anong kalakip dun. Nalaman niya kasi, na upang magawa 'yun, kinakailangan niyang iwanan ang popularidad niya. Dahil si Jesus ay hindi popular, hindi pinaniniwalaan ng, sa biglaang tantya ko lang, siyamnapung porsiyento ng mga tao, o marahil siyamnapu't limang poriyento pa nga. Na hindi Siya pinaniniwalaan, na mistula pa raw "tao na inaalihan ng masamang espiritu," at binansagan pa nga, ng karamihan na, "Beelzebub," isang diyablo.

44 At, sa kabila nun, ay ganap na ipinapakilala Siya ng mga Kasulatan. Kanya ngang ibinilin pa mismo sa kanila, ang sabi, "Saliksikin n'yo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip n'yo na sa mga Ito ay may Buhay na Walang Hanggan kayo. At Ito Yaong nagpapatotoo ukol sa Akin, o nagsasabi kung Sino Ako."

45 Ito pong binatang Hebreo na ito, yamang pinalaki siya sa isang tahanan, at natutunan niya na—na malinaw na sinasabi sa kanila ng mga 'yun, ng mga balumbon ng aklat. Ang Diyos si Jehovah ay nagsabi noon na, "Kung may lilitaw sa gitna ninyo, na isang espirituwal, o isang propeta, Ako na Panginoon ay ipakikilala Ko ang Sarili Ko sa kanya sa pamamagitan ng mga pangitain. At kung ang sabihin niya ay magkatotoo, dinggin ninyo ang propetang ito, dahil Ako'y sumasa kanya. Pero kung di naman ito nagkakatotoo, kung ganoon ay huwag ninyo itong pakikinggan."

46 Malinaw na malinaw ang pagkakasabi. Ang kailangan lang talaga'y malinaw na kaunawaan. Kung magsaysay ang isang tao, at di 'yun magkatotoo, kung ganoon kasinungalingan 'yun; di 'yun sinabi ng Diyos. Pero kung magsaysay siya, at ito'y—ito'y magkatotoo, 'yun nga ang katotohanan; at wala nang iba pa, na mas totoo pa kaysa sa katotohanan.

47 Hayan nga't nakita ng binatang ito ang bagay na 'yan sa Panginoong Jesus, at nalalaman ng binata na hawak Niya ang mga susi patungo sa Buhay na Walang Hanggan, at ninanais niya ang Buhay na Walang Hanggan na ito, subalit tumanggi siya sa pagkakataon na maglagak ng pamumuhunan. Di kasi siya interesado sa pamumuhunan na 'yun. Gayong . . .

48 Siya'y lubos ang pagkakakilanlan na Siya ang Anak ng Diyos. Haya't ganap ang pagkakakilanlan. Ang birhen mismo'y nagdalang-tao, nagsilang ng Anak na lalaki. Ginanap Niya ang bawat tanda na iprinopesiyang gagawin ng Mesiyas.

49 Pero upang tanggapin Siya, kinakailangan niyang iwaglit ang kanyang tradisyon. Kinakailangan niyang tumalikod mula rito.

50 Kung maaari lang sana na ipatungkol lang ito rito sa . . . sa binatang Hebreo na ito, pero nakakalungkot na nakikita natin

ang ganito rin, sa panahon ngayon, na ganoon na ganoon. May malaking kapalit. Maipapatungkol natin ’yan sa mga iglesya sa panahon ngayon. At maraming beses, sinasabi-sabi ng mga tao na sila raw ay mananampalataya, at ayaw namang ibukod ang kanilang sarili at lumayo sa mga bagay ng sanlibutan, gaya ng sinabi na rito sa binatang pinuno na ito, upang makamit ang garantiya ng Buhay na Walang Hanggan. Hayan nga’t, paglaon, tayo rin ay nakita natin Ito na ganap ang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Kasulatan, na ang mga Garantiya’y ibinibigay pa rin mapasa hanggang ngayon sa mga nagnanais na makamit Ito.

51 Gaya ng nabanggit ko, may nakita siya kay Jesus, na wala sa ibang tao, pero ganoon na lamang kalaki ang halaga na di niya gustong magbayad nung ganoong halaga.

52 Ganyan na ganyan sa panahon ngayon. Sa palagay ko, ako po’y nangungusap ngayon sa iba’t ibang denominasyon, may Methodist, Baptist, Presbyterian, Romano Katoliko, Orthodox na Judio, Buddha, kung anu-ano pa, na mga negosyante sa mga dako ng siyudad. Pero heto nga, tapatan lang po, nakita n’yo na mismo ang naturang bagay sa sarili n’yong mga mata, na sa mga Kasulatan ay napagkikilalang katotohanan; aba’y tayo na ang pinaka di-risonableng tao, na, gayong interesado tayo sa Buhay na Walang Hanggan, ay tatanggihan natin Ito. Isa nga itong—itong padalos-dalos na desisyon gaya ng nagawa nung binatang ’yun. Maraming beses, maging ang mga ministro natin ay nakagagawa ng siya ring padalos-dalos na kamaliang ’yun, gayong mga iskolar sila na sinanay nang lubos sa mga kredo, na kabisado ang A hanggang Z. Pero, alalahanin n’yo, ’yung mga saserdote nung panahon na ’yun ay kabisado rin ang mga balumbon ng aklat, mula A hanggang Z, siyanga, pero nabigo silang makita kung ano ang nakita ng binatang ito.

53 At interesado naman ang binata na—na bigyan siya ni Jesus ng Buhay na Walang Hanggan. Pero nung malaman niya kung anong mawawala sa kanya, nawalan siya ng interes.

54 Alam n’yo, sinasaysay ng Biblia sa atin, sa panahon na ito na kinabubuhayan natin. Gaya ng naipaliwanag na sa atin dito nang malinaw ng kalugud-lugod nating Kapatid na Pearry, na naniniwala siyang ganitong-ganito rin ito sa huling mga araw. Ako nga’y tiyak, tunay na naniniwala riyan nang buong puso ko. Naniniwala na ako na ipinagkikilala na ito ng Kasulatan.

55 Naniniwala ako na—na—na siyensiya man ay ipinagkikilala na ito. Sinasabi ng mga siyentipiko, “Tatlong minuto na lang bago maghating-gabi.” Ang—ang. . . Itong mga programa natin na makikita natin sa telebisyon at—at sa radyo man, at—at pati na rin ang ikinikilos ng mga tao ngayon, na sadyang . . .

56 Gaya ng nasabi ko na rito o kung saan man, naaalala ko rito, sa lahat ng mga nangyayari’t ikinikilos ng mga tao, haya’t

naaalala ko ’yung munting batang lalaki na nagpunta raw sa sementeryo’t dis oras na noon ng gabi, sumisipol-sipol, na para bang ipinapaisip niya sa sarili niya na hindi siya takot, pero takot naman pala.

57 Yan ang dahilan ng lahat ng pagbaling natin sa mga bagay-bagay na pinagkakaabalahan natin sa panahon ngayon, itong lahat ng mga pinasisikat na gawi natin. Para bang ipinaiisip natin sa mga tao na di natin alam na ang oras ay napipinto na, gayong nalalaman naman natin. Alam ito ng mga siyentipiko natin. Ang ating. . .Alam ito ng pentagon. Lahat, alam ng lahat na may bagay ngang napipintong mangyari. Inyo, inyo ngang mararamdaman ’yun sa paligid, at alam nating napipinto na talaga.

58 At sinasabi ng ating Biblia, sa Apocalipsis ika-3 kabanata, na ang iglesya sa kapanahunang ito ay may pagkakakilanlan na kagayang-kagaya sa mayama’t, kabataang, binatang Hebreo na ito, “mayaman, di nangangailangan,” sa Kapanahunang ito ng Laodicea. Kung may mga ministro rito, o mambabasa ng Biblia. Ito na ang Kapanahunan ng Laodicea. At ang sabi dun, “Sapagkat ako’y mayaman, nakaluklok na parang reyna, na di nangangailangan ng anuman.” Sabi, “Di mo ba nalalaman na ika’y aba, maralita, bulag, dukha, hubad, at di ito nalalaman.” Ang nakalulungkot ngang bahagi ng talatang ito sa Kasulatan ay haya’t. . .

59 Kung may makikita tayong lalaki o tao sa lansangan, na bulag at hubad at dukha at maralita, isa nga ’yung—isa nga ’yung kalunus-lunos na tanawin. Wala ngang gagawin ang iba kundi tumakbo sa kanila nang simbilis na magagawa nila, at sabihin, “Kaibigan, hubad ka. Kinakailangan—kinakailangan mong. . .Nakalantad ka. Halika, dali, at—at—at hayaan mong bigyan kita ng maisusuot. At dadalhin kita sa isang lugar kung saan titingnan ko kung makakakuha ako ng doktor, na kayang ibalik ’yang paningin mo,” o siguro’y gagawa ng kung anong makatutulong sa taong ’yun.

60 Ano kaya kung makatagpo ka ng taong katulad nun, tapos babaling na lang sa iyo at sasabihin sa iyo na pakialaman mo ang sarili mo? Di kasi nila alam na nandun nga sila sa ganoong kondisyon. Ngayon kung ganoon kayo, at alam n’yo, di ganung kasama. Pero ’yung nandun kayo sa ganoong kalagayan, at di ’yun nalalaman, ’yun ang masaklap. Di n’yo sila masasabihan.

61 At ang Kasulatan na ito ay kinakailangang matupad, kung paanong ang lahat ng mga Kasulatan ay matutupad. Sinabi ng Biblia na ganito ang magiging estado sa huling mga araw. At kanilang tinanggihan si Jesus, at kaya naroon Siya sa labas ng iglesya, sinusubukang makapasok. Tinanggihan nga ’yun, nang ganoon-ganoon na lang gaya ng ginawa ng binatang Hebreo na ito. At ito mismo ang iglesyang Gentil, ang iglesyang Nobya,

na tinawag palabas, tinawag na "iglesyang Cristiano" sa huling mga araw, pero inilagay nila Siya sa labas sa pareho mismong kadahilanan kung bakit Siya itinakwil ng binatang Hebreong negosyanteng ito. Napakalaki ng kapalit. Di nila matanggap-tanggap Ito.

62 Sinabi rito ng Biblia na sila'y "mayaman," ang sabi sila'y "di nangangailangan ng anuman." Ang binata'y mayaman, di nangangailangan. "Kami'y mainam na denominasyon na may malalaking orden na naitayo. Nasa amin ang pagkakapatiran. May *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Daan-daang taon na ang aming mga kredo. Establisado kami. Di kami nangangailangan ng kahit na ano. Huwag mong sabihin sa amin ang tungkol Dito!"

63 Buweno, napaka arogante ng ugaling 'yan kumpara dun sa ikinilos nung binata. Ni hindi siya umasta nang ganoon. Sinabi pa nga ng Biblia, na, "Tumitig sa kanya si Jesus at giniliw."

64 Iniisip ko nga ngayon, kung dito sa gitna ng lahat ng ating pagkaligalig at ating kamunduhan, at sa kabila nun ay mistula pa ring humahawak sa pagpapahayag natin na mga Cristiano tayo, kung di pa sa paggiliw ng Diyos na ang pagmi-ministeryo ay kailangan na nananatili sa pagmimisyon. Iniisip ko na hindi ba't ganito rin ito ngayon, gaya rito na ating nasusumpungan Siya na kumakatok sa may pintuan, sinusubukang makapasok. Ngayon nakikita natin ang mga bagay na ito, ang lahat ng ito'y nangyayari mismo sa lahat ng mga kapanahunan na nagdaan, at nananatiling ganoon.

65 Ngayon, para makatipid sa oras, mangungusap uli tayo rito sa alok, at pahapyaw kong ibabalangkas ito sa inyo.

66 Ngayon ang mayamang binatang ito, hindi siya nagtanong kung papaano ba siya makakaanib sa iglesya Niya. Ang—ang binata kasi'y kaanib na sa iglesya. Napatunayan diyan.

67 Sinabi sa kanya ni Jesus, "Sundin mo ang mga utos. Alam mo ang mga ito. Huwag mangangalunya. Huwag magnanakaw. Huwag magsisinungaling, manloloko man. At—at gawin, at—at igalang mo ang iyong ama't ina."

68 At napatunayan mismo ng binatang ito na siya'y isang—isang mainam, na disenteng binata talaga, di nga 'yung parang tinatawag natin, na—na hudlum. Isa siyang pinong binata, siya nga'y pinalaki sa isang mainam na tahanan. Sabi niya, "Guro, nagawa ko na ang mga bagay na ito mula nung bata pa ako, sa buong buhay ko." Kita n'yo, ipinakita dun na ang kanyang mga magulang ay responsableng mga magulang. Ang binata nga'y dumadalo sa isang iglesya na naniniwala sa pagsunod sa mga utos. Pero sa kabila nun, sa loob ng iglesya, 'yung pagsunod-sunod dun sa mga utos, ay di pa rin maikukumpara sa kung ano ang nakita niya kay Jesus. Alam niya.

69 Sa kabila ng ating mga kredo at ating kaiglesyahanan, at maging ang pagsunod sa mga utos, haya't di pa rin nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan para sa atin. Kung di umubra noon, ay di rin uubra sa panahon ngayon. May isang bagay na kailangan mong gawin.

70 Ngayon, nalaman nga natin na di 'yun dahil sa hindi siya miyembro ng iglesya. Di 'yun dahil sa hindi tama ang asal niya. Siya nga.

71 Dahil puwede tayong maging miyembro ng iglesya, at tama ang asal, pero di pa rin makapagkakamit ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi rin 'yung dapat alam na alam mo ang Salita; ang ilan nga sa kanila'y mga teologo, at mga iskolar, at mga nagtuturo sa Sunday school, ekspositor ng Biblia, haya't wala nga 'yang kinalaman. Mas alam na alam ni Satanas ang Biblia kaysa sa sinuman sa atin. Sinabi ng Biblia, "Ang makilala Siya ay Buhay," hindi 'yung malaman ang Salita. "Ang makilala Siya ay Buhay." Si Satanas man ay nananampalataya't haya't nanginginig pa nga. Pero ang kinakailangan nga natin ay isang karanasan ng isang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, mula sa dati nating buhay, patungo sa bagong Buhay na manggagaling mismo kay Cristo. Manggagaling lamang ito sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang bagong Buhay.

72 Ngayon sige't usisain natin ang ilan sa mga tao rito sa mga nakaraang kapanahunan, na nanghawakan sa garantiyang ito, at tingnan natin kung 'yun ba'y naging kapaki-pakinabang o hindi. Heto't uulitin ko lang sa inyo, gaya ng nasabi ko na sa simula, na kinakailangan mayroon kayong isinasangguni kapag kayo nga'y mamumuhunan; aalamin n'yo kasi kung ano ang magiging kahihinatnan, kung ano, kung kikita ba. Ginagawa n'yo nga 'yan sa negosyo n'yo. Sige po't mangungusap ako rito tungkol sa ilang tao na kumuha ng alok na garantiyang ito.

73 Gusto kong dalhin ang pansin n'yo, ngayong gabi, pabalik dito sa Genesis, sa isang propeta na nagngangalang Noe. Siya man ay pinahirapan sa kung anu-anong paraan na naranasan niya, na kung anu-anong pagpapahirap ang sinubukang gawin sa kanya ni Satanas, para bitawan niya ang alok na ito; pero nanghawakan si Noe sa pangako ng Diyos, dun sa garantiya ng Buhay, dahil sinabi na sa kanya ng Diyos na ano pa man 'yan na nasa labas ng daong ay wawasakin, at kahit na para ngang pambihira 'yun sa modernong pag-iisip ng mga tao sa panahon niyang 'yun.

74 Ganyan na ganyan ang Ebanghelyo ngayon. May kung ano ngang pambihira, dahil ang Diyos ay pambihira. Pambihira ang pagkakapaliwanag ng Kanyang Salita kaysa sa kung ano minsan ang pagkakapaliwanag natin Dito.

75 Pero, gaya nga ng sinabi ko noon, di kailangan ng Diyos ng sinuman para ipaliwanag ang Kanyang Salita. Siya mismo ang

gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag sa pamamagitan—pamamagitan ng pagpapangyari sa mga bagay na sinalita Niya na Kanyang gagawin. Siya ang nagpapaliwanag ng Sarili Niya Mismong Salita. Di Niya kailangan ng pagpapaliwanag natin. Haya't, ang ating pagpapaliwanag ay gawa-gawa lang ng tao na pag-iisip na inilalagay natin Dito.

76 Nung sabihin ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," haya't nagkaroon mismo ng liwanag. Hindi na 'yun nangangailangan pa ng kung anong pagpapaliwanag.

77 Sinabi ng Diyos na, "Isang birhen ang maglilihi," at ganoon nga ang nangyari. Di na nun kailangan ng pagpapaliwanag.

78 Sinabi ni Jesus, "Ang Anak ay magtutungo sa Jerusalem at ibibigay sa mga kamay ng taong makasalanan. Ipapako nila Siya, at sa ikatlo Siya'y magbabangon muli." Di na kailangan ng anumang pagpapaliwanag.

79 Sinabi Niya, "Kaunti pang panahon at ang sanlibutan ay di na Ako makikita; subalit makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasama sa inyo, na sasainyo, hanggang sa dulo ng panahon, sa kawakasan." Narito Siya. Di na kailangan ng pagpapaliwanag. Pangako Niya ito.

80 "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Ang manampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Makikita 'yan sa San Juan 14:12. At alam natin na totoo 'yan, kaya di na kailangan ng kung anong pagpapaliwanag dito.

81 Si Noe, kamit ang Salita ng Diyos, nanghawakan siya Rito, dahil siya'y tagatanggap ng garantiya ng insurance ng Buhay, katiyakan ng Buhay. Humawak siya sa garantiyang 'yun. At siya'y ahente pa nga ng garantiyang 'yun, at ipinagsasabi niya 'yun sa lahat ng dako. Pero dahil sa hindi 'yun sikat, wala nga siyang mahikayat na kahit sino na tanggapin 'yun, ang sariling pamilya na lang niya. Siya nga'y. . . Yung kanyang—kanyang garantiya ay mistula bang pinaglumaan ng panahon, sa tingin ng mga tao. Mistula ngang taliwas 'yun sa siyentipikong pag-iisip ng panahong 'yun. "Bababa ang mga ulan mula sa langit."

82 Nung panahon na 'yun ay di pa kailanman umuulan sa lupa, kung maaalala n'yo. Tuwid ang pagkakaposisyon ng mundo. Mapapatunayan natin 'yan ngayon, na ganoon dati ang pagkakaposisyon nito. At tinutubigan ng Diyos ang mga tanim sa pamamagitan ng irigasyon, mula sa mga bukal ng lupa.

83 Ngayon ang siyensiya, nung panahon na 'yun, ay mistula ngang mas mataas ang katalinuhan kumpara sa ngayon, dahil sila noon ay nakakapagtayo ng mga sphinx at mga piramide, at—at kung anu-ano pa, mga bagay na di natin tatangkain na itayo sa panahon ngayon. Wala tayong enerhiya na puwede—puwede nating magawa 'yun, pero sila noon ay itinayo 'yun. At iniisip

ko nga na marahil nagpabulusok sila ng radar dun sa buwan o anuman na mayroon sila nung panahon na 'yun.

84 Sabi ni Jesus, "Kung paano sa mga araw ni Noe," na isa pang sibilisasyon na inihalintulad dun, "ay gayundin mismo ito sa pagparito ng Anak ng tao."

85 Nakita natin nito-nito lang kung saan may nahukay sila na modernong pagpapatubig sa lumang Mexico, wala 'yung tala sa kasaysayan, na kahit na ano. Kita n'yo, 'yun nga'y marahil sa isang kapanahunan na nagdaan.

86 Sabi ni Jesus, "Kung paano sa panahon na iyon," matalino ang tao, intelihente. Kung ganoon nga noon, may garantiya ng Buhay na inalok noon sa mga tao. Yun ang pagkakasabi Niya.

87 At, si Noe, marahil wala siyang kakayahang magpaliwanag. Haya't sinabi ng siyensiya, "Nakakapagpadala kami ng sari-saring instrumento sa itaas at mapapatunayan namin na wala namang ulan dun. Ginoo, nahihibang ka." Sa kabila nun alam niya na ang nagsalitang Tinig sa kanya ay ang Diyos.

88 Kaya kung sinabi ng Diyos, "May tubig na magmumula sa itaas," kahit walang tubig, ang Diyos ay si Elohim, ang mag-Isang nabubuhay nang walang hanggan. Siya ang Isa na may buong-kasapatan. Kung sinabi Niya, "May tubig sa itaas," may kakayahan Siya na maglagay ng tubig doon, upang tuparin ang Kanyang Salita.

89 Ang ama nating si Abraham, na ama ng maraming bansa. Kung may mga Judiong nakaupo noon dun sa paligid, iniisip ko nga na ganoon din 'yun sa mga Gentil, na si Abraham ang ama ng maraming bansa. "At di siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos na sukat niyang di sampalatayanan." Humawak din siya nang mainam sa garantiya. Nangako ang Diyos sa kanya, na gagawin siyang ama ng maraming bansa; di lang sa bansa ng mga Hebreo, kundi sa iba pang bansa, na siya ang magiging ama ng mga ito.

90 Pansinin, nung matanggap niya, ang pangako na binitiwan sa kanya ng Diyos ay animo'y padalos-dalos, pabugso-bugso. Pitumpu't limang taon na siya nung panahong 'yun, at si Sarah nama'y animnapu't lima, bago niya matanggap ang pangako. Pero haya't inihiwalay niya ang kanyang sarili mula sa mga di-mananampalataya, dahil alam niya na siya ang tagapagmana ng katuwiran sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at kahit na gaano pang katagal ang abutin!

91 Marahil nung lumipas ang isang buwan haya't ang sabi niya marahil kay Sarah, "Kumusta na ang pakiramdam mo?"

"Wala namang pinagbago."

92 Sabi "Makakamit at makakamit natin ang sanggol, ano't anuman. Ang Diyos ang nagsabi. Sige't gumawa ka lang diyan ng mga medyas. Ihanda mo lang ang lahat. Sinabi ng Diyos na kakamtin natin ito. Yun na 'yun."

Lumipas ang isang taon. “Mahal, kumusta naman kaya ang pakiramdam mo?”

“Walang pinagbago.”

93 “Buweno, mas magiging kahanga-hangang himala nga ’yan kaysa kung nangyari ’yun nung unang buwan.”

94 Kita n’yo, sampung taon na nga ang nakalipas nung siya’y mag-menopause nung ibinigay ang pangako. Hindi sila magka-anak. Baog siya, at siya’y baog din. Kaya sila. . .Pero hawak pa rin niya ang garantiya, dahil ’yun ang Salita ng Diyos, isang pangako. Hinding-hindi siya bibitaw roon. At sinabi ng Biblia, na, “Si Abraham ay di nag-alinlangan sa pangako ng Diyos na sukat niyang di sampalatayanan; kundi nanatiling matatag, pinapupurihan ang Diyos; na may pagkaalam nito, na, Ang Diyos ay may kakayahang ipangyari ang ipinangako Niya na gagawin.” Kaya ipinanganak ang sanggol, dahil siya nga’y nanghawakan sa—sa garantiya.

95 Nanghawakan si Noe sa kanyang garantiya, at naligtas nun ang kanyang buhay. Yun ang naging pakinabang. Di lang ang kanyang buhay, kundi maging ang buhay ng pamilya niya; ’yun ang naging pakinabang, naligtas sila.

96 Sige’t pag-usapan natin ang isa na namang namuhunan sa insurance na ito ng Buhay na Walang Hanggan. Si Daniel na propeta, gaya nga ng tawag natin dito. . .Pasensya na po rito, sa makamundong sawikaing ito; di ko po dapat sabihin ito, sa palagay ko, sa pulpito. Pero ’yun lang ang alam kong paraan para ipahayag ito, “noong nailapag na niya ang lahat ng mga pitsa niya.” Sumalakay dun noon si Haring Nabucodonosor at binihag ang mga anak ni Israel dahil sila’y napalayo sa Diyos. Gayong sila; ay nag-aalay ng lahat ng mga hain na ’yun.

97 Nung sabihin sa kanila noon ng Diyos na mag-alay ng mga kordero’t mga baka, at iba pa. Ang isang lalaki, isang mainam na Judio, lalakad dun, dala ang pinatabang baka o—o—o munti sigurong kordero sa ilalim ng kanyang pagkilik. Sa araw na ’yun ng pagtutubos, nagtutungo siya roon para mag-alay para sa kanyang pagkakasala. Siya’y sinsero nung patayin niya ang kordero, at saksakin ’yun ng saserdote. At iniuunat niya ang kanyang mga kamay sa ibabaw nun, na may paglilimi na may buhay na kinitil para iligtas ang kanyang buhay. Sinsero siya roon. At hangga’t sinsero siya, mainam ’yun. Pero dumating ang panahon na naging pampamilyang tradisyon na lang. Kaya nagsalita na ang Diyos, nagpadala Siya ng isang propeta sa eksena, na nagngangalang Isaias, ang sabi Niya, “Ang inyong mga handog, pormal na mga kapistahan, naging alingasaw sa Aking ilong.”

98 Doon nga tayo napadpad. Nagsianib tayo sa kaiglesyahan. Na, tama naman, na gawin natin ang mga bagay na ’yan. Pero, ’yung sasabihin, kung ikaw ba’y Cristiano? “Methodist ako.

Baptist ako. Presbyterian ako, Pentecostal, o kung ano pa." Tradisyon na lang. Wala nang pagpasok, na may sinseridad, na kahit ano. Di sila umaangat, sumasabay sa mga Kasulatan at sa mga bagay-bagay. Namumuhay sila ng kung anu-anong buhay na gustuhin nila. Kung may pastor sila na nagsisikap lang na ituwid sila, pinatatalsik nila. Ayaw nila ng ganoon kung di niya kayang dalhin ang Hollywood sa loob ng simbahan; sama-sama sa kasiyahan, sama-sama sa paglalaro ng dais, sosyalang mga hapunan, at lahat na; hahayaan lang ang mga kababaihan na gawin nila ang gusto nila, at manamit ng kung anong gusto nila, kahit imoral na't, lahat. Ang maging kahali-halina ay—ay naging modernong kalakaran na. Nakakahiya.

99 Sinabi ni Jesus, sa babaing 'yun. Marahil malinis ka sa abot ng makakaya mo, pero mananagot ka sa pangangalunya sa araw ng paghatol, dahil sa pananamit ng ganyang kasuotan. Sinabi ni Jesus, "Sinumang tumingin sa babae, na magnanasa nang masama sa babae, ay nangalunya na sa kanyang puso kasama ang babae." At kahit na gaano pa kayong kainosente, ang makasalanan na 'yun ay mananagot sa pangangalunya, at ikaw ang nagbunsod nun. Kayong mga Cristiano, hindi ba kayo nahihiya? Kinakailangan n'yong kumilos na kung papaano ba ang mga anak na babae ng Diyos.

100 At kayo kalalakihan, mga miyembro ng iglesya, mga diyakono, maging ang mga ministro, na pinapayagan n'yo ang mga asawa n'yo na gawin 'yan, kinakailangan n'yong kumilos kung papaano ba dapat ang mga anak na lalaki ng Diyos. Di nga 'yan ang dapat na ikinikilos ng isang anak ng Diyos na may kalikasan dapat ng Ama na naroon sa loob niya. Natatakot na magsalita ng anuman dahil patatalsikin kayo ng organisasyon. Ganoon nga.

101 Si Daniel kanyang nilayon sa puso niya na hinding-hindi niya dudungisan ang kanyang pamumuhunan. Nilayon niya, "Kahit gaano pa ang sanlibutan, na ang hari ay yumaman man nang yumaman, at gaano man ang pagsisikap niya na madala ako sa mga bagay ng sanlibutan, hinding-hindi ko gagawin 'yun. Hinding-hindi ko dudungisan ang aking pamumuhunan."

102 Oh sangka-Cristianuhan, huwag n'yong dudungisan ang mga pamumuhunan n'yo na inilagak n'yo sa Buhay na Walang Hanggan. Masasalaula n'yo lang ito.

103 Nilayon ni Daniel na di niya 'yun gagawin. Nagbunga 'yun, na ang buhay niya'y naligtas nung ipatapon man siya noon sa yungib ng mga leon. Nagbunga nang husto ang pamumuhunan niya.

104 Yung mga binatang Hebreo sila'y ganoon na lamang ang kanilang determinasyon na di nila sasambahin ang isang diyus-diyosan. At nagbunga 'yun, na ang buhay nila'y naligtas mula sa nagbabagang hurno.

105 Tapos heto rin si Simon Pedro, isang mainam na Fariseo na tinuruan ng kanyang tatay, na darating ang araw na may—na may darating na Mesiyas. Sa lahat ng mga kapanahunan, 'yun at 'yun ang nais masumpungan ng mga Judio. Walang pasubali na nabanggit ng tatay niya sa kanya, "Anak . . . " Ako—ako po'y nakabasa ng maikling kuwento minsan, tungkol dun, marahil katha lang po 'yun. Di ko po sinasabing piho.

106 Pero haya't ang sabi niya, "Umaasa ako sa panahon ng pagparito ng Mesiyas." At sabi, "Alam ko—alam ko—alam ko na bago dumating ang panahon na 'yan, magkakaroon talaga ng ganitong iba't ibang klase ng mga ismo, mga huwad na mga bagay na mangyayari. Pero, anak, bilang Judio, itinuro sa atin, bilang mga Judio, na manampalataya sa ating mga propeta, dahil ang Salita ng Panginoon ay dumarating lamang sa mga propeta, at sa kanya lamang. Ang sabi ng Panginoon, 'Wala Akong gagawin kundi ihayag muna ito sa mga propeta unang-una.' At ang Mesiyas na ito, sabi ni Moises, 'Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapa litaw ng isang propeta sa gitna ninyo, ng inyong mga kapatid, na gaya ko.' At ang Mesiyas na ito'y di tagapagtaguyod ng edukasyon. Di Siya denominasyon. Siya'y isang propeta, at ang Salita ng Panginoon ay mapapasa Kanya."

Napakinggan noon ni Santiago si Juan na sinasaysay ang isa na ito na parating, "ang Tagapagbautismo."

107 Pero heto, isang araw, si Simon ay naparoon mismo sa Presensya ng Jesus na ito na taga-Nazaret. At nung pagkakita na pagkakita pa lang Niya sa kanya, ang sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, at anak ka ni Jonas." Kaya siya'y dali-daling kumuha ng garantiya. Napagkilala niya na 'yun mismo ang Mesiyas. Yun ang pinagtibay na Kasulatan ng panahon na 'yun, ang Mesiyas. Papaanong nabigo ang iba na makita 'yun?

108 May isa ring nakatayo, na ang pangalan nama'y Felipe, na bumagtas ng labing-limang milya paikot ng bundok, para lang mapuntahan ang isang lalaki na nagngangalang Natanael. Sila nga'y nagkakaroon ng mga pag-aaral sa Biblia na magkasama. Marahil nag-usap sila nang parang ganito, nung makita niya na naroon siya sa may ilalim ng puno, nananalangin. Sabi niya, "Natanael." Haya't, yamang isang maginoo na sumusunod kay Jesus; sino mang lalaki na sumusunod kay Jesus ay sadya ngang magiging maginoo. Hayan nga't natagpuan niya siya na nananalangin; siya—siya'y naghintay nang ilang sandali. Pero kung mapapansin n'yo, di siya nakipag-usap sa kanya tungkol sa pataniman niya ng mga olibo o kung ano pa. Dumiretso siya mismo sa pinaka pakay niya, "Halika't, saksihan mo ang Isa na natagpuan namin: si Jesus na taga-Nazaret, na anak ni Jose."

Sabi, "Ngayon, may mabuti bang bagay na manggagaling mula sa Nazaret?"

Sabi niya, "Halika't, saksihan mo."

109 Yan ang pinaka mainam na sagot na maibibigay ng isang tao sa isa pa. "Halika, saksihan mo mismo. Huwag kang uupo-upo lang diyan at mambabatikos. Halika, siyasatin mo mismo."

110 Dun sa pagbagtas nila sa daan paikot, 'yung pag-uusap nila marahil ay parang ganito. Marahil sinasabi ni Natanael, "Alam mo, matagal-tagal na nating inaasahan ang Mesiyas, mga taon na. Alam mo, Felipe, kung papaanong pinag-aralan natin ito. Haya't, naniniwala ako na sa pagdating ng Mesiyas, hihilahin ng Diyos ang mga pasilyo ng Langit at ilaladlad 'yun pababa, diretso sa (ating) malaking patyo ng templo kung saan naroon si Caifas ang ating punong saserdote, at sasabihin Niya, 'Heto na Ako.'" Kita n'yo? Pero di nga ganoon ang pagkakasabi ng Kasulatan kung paano ba Siya darating.

111 Darating lamang Siya sa paraan na sinabi ng Kasulatan. Na Siya nga'y darating na katulad ni Moises, ordinaryong tao, isang pastol ng mga tupa.

112 Pansinin, at nung siya'y makalapit na dun sa Presensya ng Mesiyas, at naroon Siya noon na may pila o nananalangin para sa mga maysakit, o anuman na ginagawa Niya. Nakita natin na tumingin sa kanya ang Mesiyas, at nagsabi, "Narito ang isang Israelita na sa kanya ay walang daya."

113 Ngayon iniisip n'yo na kaya nasabi 'yun ay dahil dun sa pananamit nung lalaki. Pero, alalahanin n'yo, lahat sila na mga taga-Silangan ay pare-pareho ang pananamit, may turbante at may balbas, kung ano pa. Kung maaalala n'yo, si Jesus nga'y sumabay rin ng lakad kasama sila, minsan, sa daan patungong Emaus, nang buong araw, matapos ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli, at di nila Siya nakilala. Parehong-pareho kasi ang pananamit Niya sa kanila.

114 Kaya makikita natin na sa dakilang Presensya Niyang ito, ang sabi niya, "Rabi." Ito pong mainam na binatang Hebreo'y nagsabi, "Rabi, kailan Mo po ako nakilala? Kailan Mo po ako nakilala, na alam Mong isang—isa akong Israelita, at matapat, haya't ito pong reputasyon na mayroon ako? Di Mo pa naman ako nakikita kailanman. Papaano Mo po ako nakilala?"

115 At ang sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita."

116 Haya't kumuha siya agad ng garantiya. Nagpatirapa siya sa Kanyang paanan gaya ng ginawa rin ng isang binatang ito, ang sabi, "Rabi, ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel." Haya't ang pangalan ng lalaking ito'y di na makakalimutan.

117 May isa ring munting babae, marahil mangungusap po ako tungkol sa babaing ito dahil may mga kababaihang narito rin sa malapit. Ang munting binibining ito'y di katulad n'yo. Siya nga'y may—may kahiya-hiyang reputasyon, sa iglesya. Marahil nung batang musmos pa lang siya'y napabayaan siya sa may lansangan, sa kamalian. Marahil di siya inalagaan nang mabuti

ng kanyang mga magulang. Siya'y kalahating Judio't Gentil; isa siyang Samaritana.

118 Alalahanin n'yo, may tatlong lahi lang ng mga tao, kung tama ang Kasulatan.

119 At patawarin ako ng Diyos sa pagkakasabi kong "kung" Ito ba'y tama. Ito kasi'y tama talaga. Ito'y ang Diyos Mismo. "Sa pasimula'y ang Salita, at ang Salita'y nasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa gitna natin." "Ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Kaya hayan na nga't ang munting binibini'y napabayaan.

120 Bago po 'yan, siguro'y ipapaliwanag ko muna ang lipi nina Ham, Sem, at Japhet. Ngayon tayo, na mga Gentil, tayo'y mga pagano nung panahon na 'yun, sumasamba tayo sa mga diyus-diyosan, pero ang mga Judio't mga Gentil ay naghihintay na noon sa isang Mesiyas. At dumarating lamang Siya sa kanila na mga naghihintay sa Kanya.

121 Kung minsan sa panahon ngayon, sinasabi lang natin na hinihintay natin Siya, at naglalagak naman ng milyon at bilyon na dolyar sa mga bagay, at nagpapatayo ng mga institusyon at mga bagay-bagay. Iniisip ko. At hayan ang mga misyonero na nangagugutom sa paghayo, kilala ko sila, na naroon mismo sa paghayo ngayong gabi't nangangaral, na wala man lang pares ng sapatos na suot-suot. Milyon-milyong dolyar ang atin ngang inilalagak sa mga bagay na walang kabuluhan, at kaya naman, haya't, ang sarili nating mga gawa'y kumukondena sa sarili nating patotoo.

122 Pero heto po ang isang babae, gaya ng pagkakakilala natin sa kanya, na isa siyang Samaritana. Si Jesus ay nasa daan niya noon patungong Jerico, na nasa ibaba lang ng Jerusalem. Pero Siya nga'y bumagtas pa-Samaria at nakarating sa isang bayan na ang tawag ay Sicar, at inutusan ang mga alagad na yumao't bumili ng baon, mga pagkain. At habang bumibili sila, itong binibini'y nagtungo roon para umigib ng tubig, at sinabi Niya—Niya sa kanya, "Dalhan mo Ako ng maiinom."

123 At sumulyap siya, nakitang Siya'y Judio, ang sabi niya, "Di kaugalian na Ikaw ay humingi sa akin ng ganyan." Sabi, "Isa Kang Judio."

124 Sabi Niya, "Pero kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom. Bibigyan Kita ng tubig na di mo na kailangang pumarito para sumalok."

125 Mangyaring nagpatuloy pa ang pakikipag-usap, tungkol sa relihiyon, hanggang sa nakaugnay Niya ang buhay ng babae. Sabi Niya, "Humayo ka't kunin mo ang asawa mo't bumalik dito."

Sabi nung babae, "Wala akong asawa."

126 Sabi, "Katotohanan ang sinasabi mo. Nagkaroon ka na ng lima, at ang isa na kinakasama mo ngayon ay di mo asawa."

127 Ngayon mga ilang araw bago ang eksenang 'yun, ang mga tagapagturo't mga rabi ng panahong 'yun, mga kalalakihan na dapat sana'y mas maalam sila, ang sabi, "Siya'y Beelzebub. Nagagawa Niya 'yan sa pamamagitan ng masamang espiritu." Kailangan kasing may maitugon sila sa kanilang kongregasyon. Kaya gumawa-gawa sila ng maikakatwiran, sabi, "masamang espiritu Ito."

128 At sabi ni Jesus, "Patatawarin Ko kayo sa bagay na 'yan," di pa noon naisasakatuparan ang pagtutubos. "Subalit kapag ang Espiritu Santo na ang dumating na gagawin ang siya ring bagay, haya't ang magsalita ng laban Dito ay di kailanman patatawarin," at alam natin na ito'y nangyari nung si Tito, matapos na tanggihan ng mga tao ang Espiritu Santo, haya't sinunog ni Tito ang templo't ikinalat ang mga Judio sa iba't ibang panig ng mundo. At sila'y naglalakip-lakip uli ngayon, na katuparan ng Kasulatan.

Ngayon, pansinin, ngayon ang binibining ito.

129 Nung makita ng mga Judio na ipinamalas ang ganoong mga bagay, ay tinawag nila Itong, "masamang espiritu, karumal-dumal na espiritu," sinabi ng Biblia, "tinawag nila ang Espiritu ng Diyos, na ginagawa ang naturang gawa, na karumal-dumal na espiritu, isang diyablo," na parang manghuhula o kung anong masamang tao.

130 At tapos, bigla na lang, may nahalatang iba ang babae na ito. Nung sabihin Niya, "Humayo ka't kunin mo ang asawa mo."

Ang sabi niya, "Wala po."

131 Sabi Niya, "Katotohanan ang sinasabi mo, dahil nagkaroon ka na ng lima, at ang isa na kinakasama mo ngayon, ay di mo asawa."

132 Tingnan n'yo po. Bigla-bigla na lang ang sabi niya, "Ginoo, napaghahalata ko na Ikaw ay isang propeta." Alalahanin, wala silang mga propeta sa loob ng limang daang taon. Si Malakias ang huling propetang Hebreo. "Kami, nalalaman namin na ang Mesiyas ay paparito, at ito ang magiging pagkakakilanlan ng pagka-Mesiyas. Alam namin, na sa pagparito Niya, ganito ang gagawin Niya."

Sinabi ni Jesus, "Ako nga Siya na nagsasalita sa iyo."

133 At kumuha siya ng garantiya. Uh-huh. At doon sa bayan, siya nga'y nagpunta, para ipamalita ang mabuting Balita, na natagpuan na niya ang Mesiyas. Nagkamit Siya ng Buhay na Walang Hanggan dahil nanampalataya siya sa Kanya. Paano niya nalaman? Nakita Niya ang pagkakakilanlan ng Kasulatan na inihayag Niya mismo.

134 "Nalalaman namin, na sa pagparito ng Mesiyas. Apat na raang taon na wala kaming propeta, at, sa pagparito Niya, ay siya ang mismong kasunod na lilitaw sa eksena. Ngayon sa Kanyang pagparito, makikilala namin Siya, at gagawin Niya ang siya ring bagay na 'yan."

135 Sabi, "Ako Siya." Kumuha ang babae ng garantiya. Siya nga'y interesado roon.

136 Si Nicodemo. Kaunting sandali na lang, magtatapos na ako. Si Nicodemo, isang rabi, isang lalaki na mga walumpung taong gulang na. Kumbinsido nga siya na may kung anong bagay kay Jesus na iba sa kung sinupamang ibang tao, kaya naghangad siya ng garantiya. Kaya nagpunta siya kahit gabi na noon, para sa garantiya, at nakita niya na bukas ang bangko't puwedeng makipag transaksyon. Uh-huh.

137 Lagi pong bukas. Bukas sa ganitong salu-salo. Bukas dun sa labas sa may lansangan. Laging bukas saan mang lugar na may sinuman na handang makipag transaksyon, ang garantiya na ito at ang sinuman na humahawak rito.

Nakita niyang bukas mismo ang bangko. Kumuha siya ng garantiya.

138 Ngayon alam natin, na sa Lucas 24:49, matapos na piliin ni Jesus ang Kanyang mga alagad, sila'y naging tagapaghawak ng garantiya na ito ng Buhay na Walang Hanggan. Ngayon naman, alam n'yo, na sa regular na garantiya ng insurance, lagi silang nagbabayad sa tao ng dibidendo. Mangyaring sila'y tinanggap at pinili mismo ni Jesus, kaya nagtungo sila sa Jerusalem, na hinihintay ang Araw ng Pentecostes, para tumanggap ng kani-kanilang dibidendo. At ipinagkaloob dun, ang bautismo ng Espiritu Santo, at ang kapangyarihan na maihayag si Jesus Cristo.

139 Methodist, Baptist, Presbyterian, Orthodox, sino man kayo, na nag-aangking Cristiano, bakit di n'yo gawin ang siya ring bagay na 'yun? Nananampalataya nga kayo kay Jesus Cristo at naging miyembro pa ng iglesya, bakit di kayo pumaroon sa Pentecostes, para tanggapin mismo ang inyong mga dibidendo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo! Sila na mga humahawak sa garantiya'y natanggap nila 'yun. Kayo, rin, kung kayo nga'y sumasampalataya rito at tunay na sasampalataya rito.

140 Nangusap sa kanila noon si Pedro, ang sabi, "Ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak, sa kanila na mga nasa malayo, anupa't sa marami na tatawagin ng Panginoon nating Diyos." Nagkaroon sila ng pagnanasa na malaman kung ano ba ang dapat nilang gawin. Sabi niya, "Mangagsisi, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga pagkakasala, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo." Isa 'yung pangako.

141 Kaya kung kayo'y hanggang salita lamang, ngayong gabi, at di pa n'yo nakukuha ang inyong mga dibidendo, bakit di n'yo dalhin ang alok sa inyo, ngayong gabi, pagkatapos hayaan n'yo lang na makausap ko kayo tungkol diyan kahit kaunting panahon lang. Luluhod kasama ko nang ilang minuto't tingnan n'yo kung hindi ba't ganito talaga. Maging sinsero lamang dito. May pakinabang agad na maaasahan, kung kayo'y may hawak mismo na garantiya. Kikilalanin Niya ang garantiya na 'yan, na inyong pananampalataya, kung sinasabi n'yo na ito'y sa Diyos. Kung ito'y sa Diyos at sa Kanyang Salita, at di sa kung anong iglesya o kredong pang-denominasyon, bagkus ay kay Jesus Cristo mismo nananampalataya, magiging kapaki-pakinabang ito. Kinikilala Niya ang Sarili Niyang alok na garantiya.

142 Magbanggit pa tayo ng isang tauhan, pansumandali. May isa pa po kasing mayamang Hebreo na nakatagpo si Jesus isang araw matapos ang Kanyang kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay.

143 Kung may Hebreong ganoon dito, sa gabing ito, o sino man kayo, ang pagkakapako Niya ay di po hadlang na di n'yo Siya makatagpo mismo rito, katulad na lang dun sa—sa mayamang binatang pinuno na kinatagpo Siya. Kung nagnanais kayo ng garantiya, narito Siya para makipag transaksyon.

144 May isa pong lalaki na nagngangalang Saulo, at siya nga'y naturuan sa lahat na ng malawak na mga aral at tradisyon ng kanyang bayan. Si Gamaliel ang kanyang naging tagapagturo, isa sa pinaka mahusay na Hebreong tagapagturo nung panahon na 'yun. At ganoon na lamang kasigasig itong si Saulo, na ano pa't pinagbabato niya si Esteban, o sumaksi siya dun sa ginawa kay Esteban, o siya ang nagpahintulot nun. Hawak-hawak niya ang mga balabal nung mga bumato, na may pahintulot siya, yamang may kapahintulutan siya mula sa punong saserdote na itapon sila na mga taong katulad nun, sa garantiyang 'yun, sa bilangguan, dahil inaralan siya ng mga nakatatanda sa kanya, na, "Ang Lalaking ito ay hindi propeta. Wala ngang anumang bagay sa Lalaking ito kundi kahibangan." At nasa bulsa pa nga niya ang mga kasulatang nagpapahintulot sa kanya, na siya'y hahayo, dahil nabalitaan niya na may ilan sa kanila na naroon noon sa Damasco, na nanghahawakan sa garantiyang 'yun. At talagang nanginginabang sila sa interes galing dun, at sila'y nakakapangyari ng mga bagay-bagay.

145 At sinabi nung mataas na saserdote sa kanya, "Saulo, isa kang masigasig na lalaki. Dalhin mo ang kapahintulutang ito, mula sa akin, magpunta ka roon at dakpin mo ang bawat isa sa kanila, dahil sila'y wala nang iba't mga hibang, wala ngang ano man ang maaasahan sa kanila. Pumunta ka roon at posasan sila, at itapon mo sila sa bilangguan. Kung kinakailangan mo silang patayin, patayin mo sila, sige. Humayo ka't tugisin sila!"

146 Sabi ni Pablo, "Kagalang-galang, ginoo, santo padre, ako po'y hahayo." Doon nga'y nagtungo siya.

147 Doon sa daan niya, naroon na siya't alas onse na noon ng umaga't, malapit na sa siyudad. Bigla na lang, mula sa langit ay bumaba ang Haliging Apoy, sinubasob siya. At tumingala siya para tumingin, at naroon ang Haliging Apoy sa harapan niya mismo.

148 Ngayon para patunayan 'yan sa inyo. Isa po siyang Hebreo, at hinding-hindi mangyayari na sasamba siya sa kung anong bagay o tatawag man sa kung anong bagay na Panginoon, liban na lang kung alam niyang ang Panginoon 'yun. At alam niya, yamang isa siyang tagapagturo sa ilalim ni Gamaliel, na ang Anghel ng Panginoon, na siyang Logos na lumabas sa Diyos, ay si Cristo na nanguna sa bayan sa pagtugaygay ng ilang, na nasa anyo ng isang Liwanag, isang Haliging Apoy. At nung isubasob siya Nito, at nung tumingala siya't nakita Ito na naroon, nasabi niya, "Panginoon." Ngayon, hinding-hindi niya Ito basta-basta tatawagin na lang na, Panginoon. Pero, yamang isa nga siyang Hebreo, napagkikilala niya na Ito si Jehovah. Yun ang dahilan kung bakit may kapahayagan siya, na masasabi na si Jesus ng Bagong Tipan ay si Jehovah ng Luma. Yun ang kapahayagan niya, dahil nakita niya si Jehovah. At haya't ang sabi nga niya, "Panginoon, Sino Ka baga?"

149 Sabi Niya, "Ako si Jesus, at mahirap sa iyo na sumikad sa matulis." At kumuha siya ng garantiya.

150 Ipagkumpara n'yo ang dalawang kalalakihan. Ang isa'y mayaman na binatang Hebreo na nagnanais na manghawakang mainam sa kanilang tradisyon; ang isa nama'y nakumbinsi. Isa sa kanila'y nakita pa mismo Siya bilang isang tao, ang Diyos na nagsalaman upang mamatay at iwaglit ang ating kasalanan.

151 Yung dugo ng mga kordero't iba pang bagay, 'yung buhay na naroon, ay di makatutungo roon sa mananampalataya, dahil buhay 'yun ng kordero, wala 'yung kaluluwa, isa 'yung buhay ng hayop. Pero ito nga'y ang Diyos Mismo, at, kaya naman tayo nga'y naipanganak sa Espiritu na 'yun, na tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, ang Buhay na nasa ating Hain.

Ipagkumpara n'yo ang dalawang kalalakihan.

152 Nakita Ito mismo na pinagtibay, na ang Diyos ay naroon kay Cristo. Ang siya ring Haliging Apoy na naglabas sa bayan Niya patawid ng ilang, at dinala sila roon, pinakain sila buong araw. Alalahanin n'yo, nung si Jesus ay narito noon sa lupa, ang sabi Niya, "Nagbuhat Ako sa Diyos, at tutungo Ako sa Diyos." Siya ang Haliging Apoy na nagdala sa mga anak sa pagtawid ng ilang.

153 Sabi ng Biblia, na, "Inaring malaking kayamanan ni Moises si Cristo kaysa sa mga kayaman ng Egipto." Itinakwil niya ang Egipto, upang makasunod kay Cristo.

154 Nung Siya'y narito noon, ang Haliging Apoy na 'yun ay kinakatawan Niya, ang Diyos. Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan. Sasaysayin sa inyo ng mga gawa kung ano ang iprinopesiya na gagawin Ko. Kung hindi 'yun ang gagawin Ko, kung ganun ay huwag ninyo itong sampalatayanan. Subalit kung hindi ninyo Ako masampalatayanan . . . "

Sabi nila, "Iyong—Iyong ginagawa ang Sarili Mo na Diyos."

155 Sabi, "Kung di n'yo Ako masampalatayanan, bilang Tao, sampalatayanan n'yo ang mga gawa. Yan ang nagpapatotoo sa Akin." Kita n'yo?

156 Ngayon, nung Siya nga'y namatay, nailibing, nagbangon, umakyat, heto na't nasumpungan natin Siya muli sa Haliging Apoy. Nagbuhat Siya sa Diyos, at nagtungo sa Diyos.

157 Siya'y nananatiling Siya pa rin, ang Siya ring 'yun ngayon. Pansinin, hayan nga, ang Siya ring 'yun kung ano Siya noon.

158 At nung si Pablo, o Saulo pa siya noon, nung mapagkilala niya ang Diyos na si Jehovah, ang Haliging Apoy ng Lumang Tipan, ay tinawag ang Kanyang Sarili na Jesus, siya nga'y kumuha nung garantiya. Siya'y handang-handa na nung mga sandaling 'yun.

159 Grabeng padalos-dalos na desisyon 'yun na nagawa nung binatang pinuno! Grabeng . . . Paano niya . . . Anupa't, papaano ngang nagawa niya ang bagay na 'yun? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

160 Ano ngang maibibigay mo kapalit ng iyong kaluluwa? Heto nga ang lahat ng mga naipatayo mo, at iyong—iyong iiwan lang naman ito sa mga kamag-anak mo para pagaway-awayan nila, at lahat na, papaano naman ang iyong kaluluwa at dako na patutunguhan mo? Alalahanin n'yo, madadako kayo sa isang lugar, libong taon mula ngayon sa gabing ito. Ito na marahil ang oras para ikaw ay makapagpasya na nang buo.

161 Pansinin n'yo kung gaanong kasaklap na pagkakamali 'yun na nagawa nung nego- . . . Ano nga't—ano nga't kaawa-awa ang negosyanteng ito, na nagmatigas na manghawakan sa isang tradisyon, samantalang pinatunayan na dun mismo sa kanya at anupa't napagtibay na mismo na Heto ang Buhay na Walang Hanggan, at nasaksihan pa niya mismo ang siya ring 'yun nung tanungin niya si Jesus tungkol dun.

162 Tinanggap 'yun ni Pablo. Alam natin kung paano siya roon lumabas. Gaya ng mga tao sa panahon ngayon, mahilig sila sa popular na opinyon, at papuri ng tao sa halip na karangalan mula sa Diyos. Hindi mahalaga kay Pablo ang papuri ng tao. Ang nais niya'y parangal ng Diyos.

163 Atin po sigurong subaybayan muna ang binatang ito kahit ilang sandali na lang bago tayo magtapos. Subaybayan natin

siya. Nalaman natin dun sa kasunod, na, ang binatang ito, alam n'yo ba ang nangyari sa kanya? Hindi siya naging pulubi, dahil sa nagawa niyang ito. Hindi siya nanlimos sa kalsada. Yung ari-arian pa nga niya'y lumago nang husto. Tinanggihan man niya ang oportunidad.

164 Maraming beses, ang mga tao sa panahon nga ngayon ay magtatawa't gagawing katatawanan ang Espiritu Santo, pero haya't nagpapatuloy at lumalago sa kanilang negosyo. Alam n'yo, pagpasensyahan n'yo po ang pahayag na ito. . . Pero sa kanila ngang panlilibak, magsasabi, "Aba, tingnan n'yo, ako! Kung totoo nga Iyan, kita n'yo, aba, o di sana'y nangyari na 'yun sa akin, may nangyari na dapat sa akin."

165 Alam n'yo, may isang—isang—isang kasabihan nga, "Ang mga mangmang ay lalakad na may panyapak na pinakuan sa mga dako na pinangingilagan ng mga Anghel na daanan."

166 Kung tutuusin 'yan na 'yan mismo ang ginawa ng binatang pinuno na ito. Kita n'yo? Nakagawa siya ng isang—isang bagay na napakasaklap, at nakita natin na hindi 'yun nakaapekto sa negosyo niya. Umasenso pa nga siya. Mas naging sikat siya, mas dumami ang ari-arian. Nakita natin, matapos ang ilang panahon, na siya'y umasenso nang husto-husto na kinailangan na niyang magpatayo ng mga bagong kamalig para paglagyan ng mga ari-arian niya.

167 At dahil sa tinanggihan din ng iglesya ang Espiritu Santo, sa huling mga araw na ito, yumaman ito. At ngayon patungo na kayo sa pagsapi sa Konsehong Ekumenikal, saktong-sakto sa sinabi mismo ng Biblia na gagawin n'yo. Ngayon kayo'y tunay na Laodicea, "mayaman at nagkamit ng kayamanan," saktong kung paano ang kalagayan ng binata.

168 Siya'y tipo ng iglesya, tumanggi. Si Pablo ang tipo naman ng tumanggap. Kapwa nga sila nabigyan ng pagkakataon, kung papaano na ganoon din kayo ngayong gabi, at maging ako.

169 Lumago ang kanyang yaman. Ganoon din ang iglesya, ng Kapanahunang Laodicea, nagkamit ng yaman. At alalahanin, ang binata'y yumaman nang husto, na haya't naging sikat siya, na ang mga namumuno, dakilang mga tao, ay nagsisipuntahan. At naghanda siya minsan ng malaking piging, isang beses.

170 At naroon 'yung isa na may hawak ng garantiya ng Buhay na Walang Hanggan sa may tindahan niya, at nasumpungan natin na ang lalaki'y nakaratay dun sa may pinto. Oh, siguro'y winawalis niya ang mga mumo't napupunta dun sa lalaki. Siya nga'y nabigyan uli ng pagkakataon, yamang may isang saksi, si Lazaro ay naroon nagpapatotoo sa kanya. Pero pinapalis lang niya ang mga mumo roon, "Oh, buweno, puwede na ito, kunin mo itong sangkapat na sentimo, o kung ano," alam n'yo. Yan na 'yan ang ugali ng 1964. "Oh, kaunti lang ang itutulong ko. Ayos na 'yun, mapaalis lang siya, kita mo."

171 Pero ang lalaki'y may hawak na garantiya. "Mapagpa kumbaba ang loob," sinasabi sa atin ng Mateo 5 na sila, "ang tagapagmana ng Kaharian ng Langit."

172 Ang mayaman nga'y yumaman pa nang husto, at talagang sumisikat siya't nagiging popular, at dakilang tao, pero 'yung panahon ng pagbabayad niya'y dumating. Haya't dumating na. Sa lupa siya'y nagtamasa ng malaking pakinabang. Enggrande ang naging gawain ng paglilibing sa kanya, walang pasubali. Sikat na mangangaral ng denominasyon ang naroon, na siguro nagbitiw ng bigating mga papuri tungkol sa kanya. Marahil itinaas pa nila ang watawat sa kalahating tagdan. Lahat ng mayayamang negosyante'y nagsipuntahan sa kanyang libing. Pero sabi ng Biblia, "sa impyerno," ang naging kabayaran niya dahil sa pagtanggi sa garantiya ng Buhay na Walang Hanggan.

173 "Sa impyerno ay kanyang itiningin ang kanyang mga mata, na nasa pagdurusa." At tumanaw siya sa kabilang ibayo ng malaking bangin na naroon, na ang sabi ni Jesus ay walang sinuman ang nakatawid doon o makatatawid man, at nakita niya 'yung may hawak nung garantiya ng Buhay na Walang Hanggan, na may kaginhawaan, sa kabila ng bangin. Kapwa sila. Yung isa'y tinanggap Ito. Kapwa sila may kabayaran. Siya na nagpalis nung mga mumo ay may kabayaran. At kaya heto na ang mayamang lalaki na siya na ang pulubi't nagsusumamo ngayon, "Iyong itulot na siya na may hawak ng garantiya'y bumaling at idaiti sa aking labi ang—ang kaunting tubig, dahil ang mga apoy na ito'y pinahihirapan ako."

174 Huwag kayong magkakamali gaya ng pagkakamaling ito, mga lalaki sa pagnenegosyo. Kayo'y mortal gaya nila roon. Kayo nga'y kailangan nang bumuo ng pasya. Ilagak n'yo na ang pamumuhunan n'yo ngayon. Siguraduhin n'yo. "Pagsikapan n'yo na ang pagkahirang sa inyo, pagtawag ay mangapanatag." Kumuha na kayo ng isa sa mga garantiya na ito.

175 Sige po't siguro—siguro isa na lang o dalawa, kung kaya pa. Noong si Moises, na tinalikuran, ang pagiging hari ng Egipto, pagiging Faraon, inaring malaking kayaman ang kadustaan ni Cristo. Ang tingin ng Faraon sa mga taong 'yun ay kung anong grupo lang ng nagtatapal ng putik, pero ang tingin ni Moises sa kanila ay bayan na may kamit na pangako.

Paano ang tingin n'yo sa kanila, na mga tao ng Diyos?

176 Si Moises ay nakatanggap ng pakinabang. Tingnan n'yo po ang mga naging tagapaghatid niya nung mamatay siya. Sinabi ng Biblia na "mga Anghel." Bakit? Wala kasing puwedeng iba na makapaghahatid sa kanya sa patutunguhan niya. Sila ang naging mga tagapaghatid niya.

177 Hayan din noon si Elias nung panahon na lahat ng mga babae'y nagsisiputol ng kani-kanilang buhok, katulad ni Gng. Kennedy at sila na ginagawa 'yan. Naglalagay ng kolorete sa

mukha, isang Jezebel. Yung hari't buong bayan ay napadpad sa kamunduhan; maging ang kaiglesyahan, din. At ang Diyos ay nagsugo ng propeta, na nagngangalang Elias, para kondenahin ang bagay na 'yun. Matapos na siya'y tumanda't napagal, siya nga'y handa nang umuwi sa Tahanan, di nga niya kailangang mamatay. Dumating din ang pakinabang sa kanya, siyanga, ang Diyos ay nagpadala sa kanya sa ibaba ng isang karwahe at mga kabayo, at sinundo siya paitaas sa Kalangitan.

178 Si Esteban, na tumayo sa harapan ng Sanedrin, nagsalita sa kanila't ang sabi, "Oh, kayo na matitigas ang ulo, mga di tuli ang puso't mga tainga, haya't tumatanggi kayo sa garantiya, lagi n'yong nilalabanan ang Espiritu Santo. Gaya ng ginawa noon ng inyong mga magulang, ganoon din ang ginawa n'yo." Sa kanyang kamatayan, siya'y nanginabang. Tumingala siya at nakita niya ang Langit na nagbukas, si Jesus ay nakatayo sa kanan.

179 Si Moody, dito sa huling mga araw, mga sangdaang taon na ang nakalilipas, isa pong munting sapatero na taga-Chicago, ni di niya maisulat ang sarili niyang pangalan. Nagpadala ang pahayagan ng makikipagpanayam kay Moody, isang beses. Ang pagmi-ministeryo niya kasi'y kahanga-hanga talaga, kaya nais nilang mailathala sa pahayagan kung ano bang nagbunsod nun; kung ano bang mayroon dun kay Moody, ano kayang klaseng mangangaral siya, at isa ngang masigasig na mangangaral. Kaya nagpadala na sila ng makikipagpanayam, para magsulat sa kanilang patnugot. At di nga mabasa 'yun ni Moody matapos na kanilang maisulat 'yun, kaya ang tagapangasiwa niya ang nagbasa nun para sa kanya. At sabi niya . . .

180 Ganito nga ang sinasabi dun sa patnugot. Sabi dun, "Kung bakit napakaraming nagpupunta para makinig kay Dwight Moody, ay lampas sa kaya kong sabihin." Sabi, "Unang-una, siya ang pinaka pangit na lalaking nakita ko kailanman, kalbo at ang balbas ay nakalaylay nang paganoon." At sabi, "Yung—'yung lapad niya ay siya ring tangkad niya." At sabi, "Kapag siya'y nangangaral, di siya makabasa. At umiingit-ingit siya kapag nangangaral, labas sa ilong kapag nagsasalita, at labi."

181 Nung matapos na nilang basahin, nagkibit-balikat lamang si G. Moody, at sabi, "Totoo namang di dahil sa akin. Ang mga tao'y pumupunta para makita si Cristo." Kaya 'yun. Kahit na ano ang sabi-sabihin ng mga kritiko, nakahawak siya sa isang garantiya.

182 At nung mamamatay na siya, haya't ang sabi ng doktor, "Kamatayan na 'yang dumapo na 'yan, G. Moody."

183 Bumangon siya nang kaunti, sabi niya, "Kamatayan ang tawag n'yo rito? Ito'y araw ng pagpuputong ko." Kita n'yo? Siya'y nakahawak sa garantiyang 'yun.

184 Ang matalik kong kaibigan, si Paul Rader. Nung binatilyo pa lang ako, ako'y—ako'y naordenahan sa iglesyang Missionary

Baptist, at si Paul Rader ay isang Missionary Baptist din po, at, Fort Wayne, doon ako dati nagpupunta para mapakinggan siya. Makalipas ang ilang panahon, nagtungo siya rito sa Kanlurang Baybayin at nagkaroon siya ng problema, at hanggang sa 'yung problema'y lumala na nagkasakit na siya, haya't naging kanser na nang tuluyan, at malapit na raw siyang mamatay. Siya at si Luke ay matagal na nagkasama't buong buhay nila, talagang magkasama saan man magpunta kagaya ng anak ko't ako.

185 Kaya nung malapit nang mamatay si Paul, nagpadala roon ang Moody Bible Institute ng kwartet, at nakatayo sila roon. Si Paul nga'y palabiro kung minsan. At siya'y . . . Yung munting magiting . . . munting Moody Bible Institute, naroon ang grupo ng mang-aawit nila, na pinadala dun, o kuwartet, at umaawit sila ng, "*Nearer, My God, To Thee.*"

186 Bumaling si Paul at inalis 'yung pagkakatalukbong nung kumot sa ibabaw niya. Sabi niya, "Sino ba ang mamamatay, ako o kayo?" Kita n'yo? Sabi niya, "Itaas n'yo ang mga kurtina na 'yan, at awitan n'yo ako ng maiinam na Ebanghelyong mga awitin." At nagsimula silang umawit:

> Doon sa may krus na Tagapagligtas ko'y namatay,
> Doon na paglilinis ng sala ko'y aking saysay;
> Doon sa puso ko'y Kanyang Dugo'y inilagay;
> Luwalhatiin ang Kanyang Pangalan!

187 Sabi ni Paul, "Nasaan ang kapatid kong, si Luke?" Si Luke nga'y nasa katabing kuwarto lang. Ayaw niyang makita ang kapatid niya na mamamatay na. Sabi, "Sabihin n'yo sa kanya na pumarito."

188 Kaya nagpunta na dun sa loob si Luke. Marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya, malaking-katawan na lalaki. Pumasok na siya. Iniabot ni Paul ang kanyang kamay, nakaratay dun sa kama, at hinawakan sa kamay si Luke at tumingin sa mukha niya, sabi, "Luke, matagal-tagal tayong nagkasama. Pero isipin mo 'yun, Luke; sa loob ng limang minuto mula ngayon tatayo na ako sa Presensya ni Jesus Cristo, na nadadamitan mismo ng Kanyang katuwiran." Hawak-hawak ang kamay ng kanyang kapatid, ang garantiya niya ay nagbunga.

189 Si Tandang Doktor Bosworth, na kasama ko nung ako po'y dumalaw rito, kasama ko, nung pangalawang huli, walumpu't apat na taong gulang, kararating lang noon mula sa Aprika. Ako'y nakatanggap ng tawag "pumunta ka sa Miami." Napunit ko ang mga gulong ng kotse ko, halos, para lang makapunta dun. Sabi, "Malapit na siyang mamatay." Sumugod talaga ako sa kanya. Alam ko na isa siya sa may hawak ng garantiya. Nagtungo ako.

190 Pumasok ako sa silid. Ang munting lalaking nakakalbo na't nakataas ang mga bisig, ang kanyang munti't namamayat nang

mga bisig. Nagmadali akong pumunta sa kanya't isinubsob ko ang mukha ko't, sumigaw, "Ama ko, ama ko, ang mga karo ng Israel at mangangabayo niyaon!" Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa akin at binasbasan ako.

Sabi ko, "Kapatid na Bosworth, puwede ba akong manalangin para sa iyo?"

Sabi, "Huwag na." Sabi, "Wala naman akong sakit."

Sabi ko, "Ano nang nangyayari, Kapatid na Bosworth?"

Sabi, "Ako'y pauwi na ng Tahanan."

191 Sabi ko, "Alam ko." Tapos sabi ko, "Gusto kitang tanungin ng isang bagay, Kapatid na Bosworth." Sabi ko, "Ano po ba ang pinakadakilang araw sa buong buhay mo't sa iyong pagmi-ministeryo? Matagal ka nang naglilingkod sa Diyos haya't bago pa ako naipanganak. Matagal na tayong magkasama sa pagmi-misyon. Sinuong natin ang mga bagyo, sa himpapawid man at sa dagat. Tumayo ka sa tabi ko sa tuwing nakikita ko ang mga diyablo sa magkabilang panig, at maging mga mangkukulam. At ganoon na lamang ang pakiramdam nung makita natin ang Diyos na pinaralisa sila na mga nakatayo roon. Ano ang pinaka masayang bahagi ng iyong buhay?"

192 Sabi niya, "Ito mismong ngayon." Handa na siyang kunin ang pakinabang ng kanyang garantiya. Sabi niya, "Ang buong buhay ko, Kapatid na Branham, ay inilaan ko kay Jesus Cristo, at anumang minuto ay lalakad na Siya papasok sa pintuan at kukunin na ako pauwi ng Tahanan."

193 Oo, ito po ang mga nanghawakan sa garantiya na ibinigay nila ang lahat ng mayroon sila, at namuhunan dito sa Perlas na napakalaking halaga. Kayo po ba'y mamumuhunan na rin, sa gabing ito, oo, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo?

194 Di ko po makita ang lahat ng mga narito. Di ko alam kung ano ang. . .gaanong karami, o kung mayroon mang nanonood sa pribadong telebisyon ngayong gabi. Tatanungin ko po kayo, kaibigan, huwag nawa itong maging walang kabuluhang mga salita sa inyo. Isa kang mortal. Mamamatay at mamamatay ka. Alam mo 'yan. At marahil bago mag-umaga ay baka dumating na ang oras mo. Hindi ako. . .tao na mahilig manghikayat; at, dahil sinabi ni Jesus, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit." Kung may puwang pa kayo sa puso n'yo para sa garantiyang ito, sa gabing ito, tatanggapin n'yo na ba Ito? Ang garantiya na 'yan ay si Cristo mismo, ang kaloob ng pag-ibig na garantiya ng Diyos para sa inyo, na ang Salita Niya'y maging buhay sa inyong puso't, ibinubunsod na kayo'y maging bahagi Niya. Siya ang Salita. Tanggapin n'yo Siya sa inyong buhay. Magagawa n'yo po ba, at maglagak sa dakilang pamumuhunan na ito?

195 Sa abot ng natatanaw ko, di ko na matanaw ang lampas sa sampung talampakan mula sa akin, o labing-lima. Hihilingin ko po sa inyo na itaas n'yo ang inyong mga kamay kung kayo'y nagnanais na makatanggap ng mga garantiyang ito ng Buhay na Walang Hanggan. Sabihin, "Ninanais ko ito, Kapatid na Branham. Ako po'y alalahanin mo mismo sa iyong panalangin. Di mo man makita ang aking kamay, nakikita ito ng Diyos."

196 Makalangit naming Ama, ito pong simple't, magaspang, ngunit totoong kuwento ng buhay. Sinaysay ko ito sa ganitong paraan, Panginoon, dahil ang mga tao, ang mga tao sa negosyo, ay mas maiintindihan nila ito sa paraan na inihahambing ito sa panlupa. Yan po ang dahilan at tinawag ko itong garantiya. Ako po'y patawarin Mo kung mali man ako sa pagtawag nito ng ganito. Dahil, narito na kami ngayon sa isang—isang tunay na sagradong sandali, kung saan walang duda na napaka rami ang seryosong nagbubulay ngayon, yamang nababatid na sila rin ay kinakailangang magsulit sa anumang bagay na mayroon sila rito, at nakita nila mismo kung anong kahihinatnan kapag ito nga'y tatanggihan.

197 Ngayon, ang binata pong 'yun, gaya ng nalalaman ko, siya marahil sa kanyang kasikatan sa gitna ng mga tao, nanatili siya sa iglesya, sinunod niya ang mga kautusan, di siya nangalunya, o nagnakaw man, o gumawa ng ganoong mga bagay, pero sa puso niya ay alam niya na di niya kamit ang Buhay na Walang Hanggan. Iyo pong ibunsod na sila, Panginoon, na nagsisikap na makatagpo Ka, para sa Buhay na Walang Hanggan, na ang mayroon lang sa kanila'y mabubuting ugali, nawa'y sa gabing ito ay tanggapin nga nila ang paanyaya't, sadyang manatili sa kanilang pagkakatayo, at sabihin, "Panginoon, gagawin ko po ang lahat ng sabihin Mong gawin ko." Iyo pong ipagkaloob, Panginoon.

198 Lahat sila'y sa Iyo na ngayon. Itinatagubilin ko ang lahat sa Iyo. At kung ang binhi ay nahulog sa isang lugar, Panginoon, sa ibabaw ng alinmang lupa, anumang predestinadong binhi, na sa napakaraming taon ay nagugutom at nauuhaw, ito nga'y nahulog sa isang lugar saanman sa gabing ito. Tanggapin nawa nila ang Buhay, Ama, sapagkat hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.

199 At habang nakayuko pa ang aming mga ulo, tinatawagan ko si Kapatid na Pearry, kung mamarapatin niya, na pumarito at manatili, pangasiwaan ang natitira pang bahagi ng gawain.

*Ang Mga Pamumuhunan* TAG64-0314
(The Investments)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Marso 14, 1964, para sa Businessmen Appreciation na salu-salo sa Beaumont Hotel sa Beaumont, Texas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org